# IMPORTED NA ISDA SA MERKADO, PWEDE KAPAG AWTORISADO!

## ANO ANG FISHERIES ADMINISTRATIVE ORDER (FAO) NO. 195 AT 259?

### FAO No. 195 S. 1999

Ang FAO No. 195 ay ang panuntunan at regulasyon sa pag-aangkat ng fresh, chilled, o frozen na isda at mga produktong pangisdaan para sa canning at processing industry, at institutional buyers (hotels at restaurants). Ang pagbebenta ng imported na isda sa mga palengke na inangkat sa bisa ng FAO 195 ay **IPINAGBABAWAL**.

### FAO No. 259 S. 2018

Ang FAO No. 259 ay ang panuntunan at regulasyon sa pag-angkat ng fresh, chilled, o frozen na isda tuwing closed at off-fishing season o tuwing may kalamidad. Isinasaad sa batas na ito na maaari lamang magbenta ng imported na isda sa mga palengke kapag may Certificate of Necessity to Import o CNI mula sa Department of Agriculture na maaari lamang lumabas tuwing closed at off-fishing season o kaya'y may naganap na kalamidad sa bansa.

## ANO-ANO ANG MGA ISDANG AWTORISADO SA ILALIM NG FAO 259?

**ROUNDSCADS**
- Galunggong

**BIGEYE SCADS**
- Matambaka
- Salay-Salay

**MACKERELS**
- Lumahan
- Hasa-Hasa
- Alumahan
- Tulingan
- Tangigue

**SARDINES**
- Tamban
- Lapad
- Tunsoy
- Manamsi

**ROUND HERRINGS**
- Tulis
- Dilis Bahura

**ANCHOVIES**
- Dilis
- Bolinao

**FUSILIERS**
- Dalagang Bukid
- Solid
- Tirong

**MOONFISH**
- Chabita

**FLYING FISHES**
- Bangsi
- Iliw
- Bolador

**HALFBEAKS**
- Kansusuwit
- Buguing

*Subalit maaari itong mabago ayon sa aktwal na pangangailangang suplay ng isda ayon sa rekomendasyon ng NFARMC.*

## DAPAT NGA BANG MAGBENTA NG IMPORTED NA ISDA SA WET MARKETS?

**Tandaan mga kabayan!**

Kung may CNI na inilabas ang Department of Agriculture, ito'y nangangahulugan na:

- Ang bansa ay nakararanas ng kalamidad;
- Kasalukuyang ipinatutupad ang Closed at Off-Fishing Season; o
- Ang bansa ay parehas na nakararanas ng kalamidad at kasalukuyang ipinatutupad ang Closed at Off-Fishing Season.

CNI

**May CNI na inilabas ang Department of Agriculture? Maaaring magbenta ng imported na isda sa wet markets!**

## PAANO MALALAMAN KUNG PWEDENG MAGBENTA NG IMPORTED NA ISDA?

**HUWAG MANIWALA SA FAKE NEWS!** Sumubaybay sa opisyal na social media accounts ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources upang makakuha ng up-to-date na impormasyon sa sektor ng pangisdaan at yamang-tubig ng bansa.

**MAKIALAM!** Dumulog sa pinakamalapit na tanggapan ng DA-BFAR at magtanong sa mga lehitimong mapagkukunan ng impormasyon.

bfarph | @bfarph | BFAR.Central | www.bfar.da.gov.ph